## Nilalaman


OSY Scholars Madadagdagan p2
Student Councils , Pederasyon na *Mga* Karugtong p2 p3
Linggo ng Kabataan p4
RIZALISMO, Sandigan ng Pagtahak sa Tuwid na Landas p4
Mga Larawan p5
PGCEAP TODOMAX na Party p6
Hitik sa Premyo, PGCN Christmas Party p6
Food Terminal sa Barangay p7
Super Food Paramihin p7
BOLI-BOLI Tiklo p7
Goat Dispersal Patuloy p7
Light aTree p8
Covered Court Pinasinayahan p8
RIZAL, Unang Bantayog, Ginunita p8



Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran


# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 3, BLG. 8 DAET, CAMARINES NORTE DISYEMBRE, 2012
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com




Gob. Edgardo A. Tallado




# Huling caravan sa 2012, mapanganib ngunit makahulugan!

Sa kabila ng masamang panahon ay sinuong ng *Aprub Ka Egay Serbisyo Publikong Tunay Provincial Multi-Services caravan* ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang panganib noong Disyembre 12, 2012, maihatid lamang ang iba't-ibang serbisyo sa Brgy. Dumagmang, isa sa pinakaliblib na barangay dito sa Camarines Norte.

*(Sundan sa pahina 3)*



*Makikita sa iba't-ibang larawan ang naging mapanganib na paglalakbay nila Gob. Tallado at Bise Gob. Pimentel kasama ang mga kawani at iba pa upang maihatid ang serbisyo ng Multi-Services Caravan gayundin ang pagpapailaw sa Brgy. Dumagmang, Labo.*




*Si. Engr. Henry L. Zaño, Bise Gob. Pimentel, Gob. Tallado at kawani ng CANORECO para sa "switching-on" ng kuryente sa Dumagmang.*

# Paskong maliwanag sa Dumagmang

Ika-12 ng Disyembre 2012, nagliwanag ang gabi ng Barangay Dumagmang, ang kahuli-hulihan sa 282 barangay sa Camarines Norte na nagkaroon ng serbisyo ng kuryente dahil kay Gob. Edgardo A. Tallado

Lubos na nasiyahan ang mga mamamayan doon sapagkat sa kauna-unahang pagkakataon ay makararanas sila ng maliwanag na Pasko. Buong puso silang nagpasalamat sa gobernador sapagkat sa wakas ay nakarating sa kanila ang elektripikasyon na matagal na panahong naipagkait sa kanila kasama na ang mga benepisyong hatid nito.

Sa talaan ng CANORECO, ang barangay Pag-Asa at barangay Dumagmang na parehong nasa Labo ang pinakamatagal na walang serbisyo ng kuryente. Parehong malayo sa kabayanan ang 2 barangay na ito at malayo ang huling linya ng pinanggagalingan ng kuryente. Nangailangan ng malaking pondo para dito na natugunan sa pamamagitan ng pagsusumikap ni Gob. Tallado na mahingi ang pondo mula sa *Rural Electrification Program ng National Electrification Administration (NEA).*

Ayon kay *Asst. Provincial Engineer* Jhonny Enova, gumugol ng P10.6 million para sa elektripikasyon ng Brgy. Dumagmang na ang implementasyon ay isinagawa ng CANORECO.

Inaasahan ang

*(Sundan sa pahina 4)*

# OSY scholars madadagdagan!






Simula sa kaliwa itaas: Si Gob. Tallado sa pagbibigay niya ng mensahe sa mga OSY; si Jaime Villanueva na nagsalita bilang kinatawan ng mga iskolars at ang mga humigit kumulang sa _____OSY iskolars mula sa ibat-ibang bayan ng Camarines Norte

Nang ako'y maging gobernador, sabi ko sa aking sarili, malaki ang magagawa ko para sa edukasyon ng mga kabataan" ito ang panimulang mensahe ni Gob. Edgardo A. Tallado sa kanyang pakikipag-usap sa mga *Out of School Youth (OSY) scholars* ng pamahalaang panlalawigan sa idinaos na pagtitipon noong ika 21 ng Disyembre sa *Little Theater* ng *Camarines Norte Agro Sports Center*.

Dito niya inilahad ang programa ng pamahalaang panlalawigan para sa mga *OSYs* o mga kabataang walang kakayahang mag-aral sa kolehiyo. Sa *briefing* ni Gng. Nida Tosoc, tagapamahala ng *OSY Scholarship Program* at *Manager* ng *Public Employment and Service Office (PESO)*, napag-alaman na dati ay P300,000 lamang ang laang pondo para sa programa at mayroon lamang 50 mag-aaral.

Ngunit sa taong 2010, sa simula ng panunungkulan ni Gob. Tallado, P1.5 milyon ang inilaan niyang pondo kung kaya sa kasalukuyan ay mayroon na itong 735 *OSY beneficiaries*. Ipinabatid din ni Gob. Tallado na nakakuha pa siya ng karagdagang pondo na P1 milyon mula kay *Director General* Joel Villanueva ng TESDA kung kaya mayroon pang karagdagang 120 OSY ang napabilang sa programa.

Kinatigan naman ni *Engr.* Eduardo Bonagua, tagapamahala ng *TESDA Provincial Training Center* dito sa lalawigan; sa kanyang mensahe ang sinabi ng gobernador na may karagdagang pondong mula sa TESDA. Napag-alaman din sa kanya na magbubukas na rin ang TESDA ng *four-year* at *ladderized courses in Tourism Management*.

Dumalo sa *briefing* ang humugit kumulang sa 400 *OSYs* at sa pamamagitan ni Jaime Villanueva mula sa Apuao, Mercedes, Camarines Norte, ipinaabot nila ang kanilang pasasalamat kay Gob. Talllado. Ayon ka Jaime siya ay lubos na nagpapasalamat sa oportunidad na siya ay makapag-aral ng maayos. Hangad niya na sana ay magtagumpay silang lahat. Matatapos na ni Jaime sa Abril 2013 ang kanyang *1-year course* na *CES* sa *Northhills College*.

Masaya ring ibinalita ng gobernador ang darating pang P2 milyong karagdagang pondo na ikinatuwa ng mga naroon. "Ibig lamang sabihin nito ay pinapahalagahan ko ang mga OSYs. Sa mga nabanggit ko at mga tinuran din ni Gng. Tosoc at G. Bonagua, nabatid ninyo ang pagsusumikap na ginagawa ko para maisulong ang edukasyon ng kabataan sa Camarines Norte, sabi pa ni Gob. Tallado.

Iniulat din niya sa mga OSYs na ang PGCEAP ay may pondong P10 milyon at may 940 iskolars na kung pagsasamahin ang bilang ng iskolar ng OSYs at PGCEAP ay malapit nang umabot sa dalawang libo.

Ang hamon ni Gob. Egay sa mga *OSYs* ay huwag nilang sayangin ang pagkakataon na ipinagkakaloob ng pamahalaan. Pag nakatapos kayo at nakapagtrabaho na, makatutulong na kayo sa mga magulang ninyo, sa inyong pamilya at sa bayan.

Ang mga OSY na iskolar ay nasa ilalim ng pamamahala ng PESO kaya kapag natapos nila ang kanilang kurso, kaagad na matutulungan sila ng PESO para makahanap ng trabaho. Napag-alaman na marami nang napagtapos ang may maayos ng trabaho sa ibang bansa at ang ilan sa kanila ay nagpadala ng mensahe ng pasasalamat ka Gob. Tallado.

Bukas pa rin ang pagtanggap para sa nais magaral sa TESDA. Maaaring isumite kay Gng Tosoc ang mga dokumento ng katibayan na ang aplikante ay 17 -30 taong gulang, P72,000 lang ang taunang kita; certificate of indigency, H.S graduate o college level. ***jing@calimlim***

# Students councils, may pederasyon na!



Ang FEDERATION OF SUPREME STUDENT COUNCIL OF CAMARINES NORTE sa pamumuno ng Pangulo nito na si Reggiemar N. Doctolero, mag-aaral ng Mabini College. (pang-apat sa larawan mula sa dulong kaliwa) kasama si Gob. Edgardo A. Tallado (nakaupo)at G. Mariano "Bong Palma" (nasa dulong kaliwa)

Sa harap ni Gob. Edgardo A. Tallado sa kanyang tanggapan ay nanumpa sa katungkulan ang mga bagong halal na opisyales ng FEDERATION OF SUPREME STUDENT COUNCIL OF CAMARINES NORTE.

Si Reggiemar N. Doctolero ang nahalal na pangulo ng bagong samahan na ito, na sa kauna-unahang panahon ay ngayon lamang napag-isa sa patnubay ng *Provincial Youth Affairs Office (PYAO)* ng Pamahalaang Panlalawigan.

Idinulog din ng samahan sa punong lalawigan ang kanilang mga plano tulad ng *Collegiate Basketball Tournament, Cheer Dance Competition* at pagtatag ng *Collegiate Athletic Association of Camarines Norte.* Tinugon naman ito ng gobernador na kanya itong popondohan sapagkat ang mga gawaing ito ay naglalayon na mapagbuklod ang mga mag-aaral at kabataan sa pamamagitan ng *sports and athletic competition* katulad ng *UAAP*. Ang mga nahalal na opisyales ay kumakatawan sa iba't-ibang kolehiyong pampaaralan sa lalawigan.

Upang higit na magkakilanlan at maging maganda ang pagsisimula ng samahan, sila ay nagdaos ng isang *Christmas party* noong Disyembre 22.

Samantala, ang *PYAO* ay naitatag sa panahon ni Gob. Tallado sa layunin niyang mapangasiwaan ang *youth affairs* para sa kagalingan ng mga kabataan at ng lalawigan. Si G. Bong Palma bilang *Senior Tourism Operation Officer* ay pinamamahalaan din ang tanggapang ito. ***jing@calimlim***

# RIZALISMO: Sandigan ng....

*(Mula sa pahina 4)*

**pagmamahal sa bayan at atin siyang tutularan, hindi malayong magiging tuwid ang landas na ating tinatahak at unti-unting susulong ang ating bansa tungo sa kasaganaan.**

**Mga kababayan, kung ang ilan sa ating mga kapuwa Pilipino sa ngayon ay walang pakundangan sa pagkitil ng buhay, si Rizal naman noong panahon niya sa Dapitan ay matiyagang gumamot at nagbigay ng libreng medisina sa mga mahihirap upang mapahaba pa ang kanilang buhay.**

**Kung ang karamihan sa atin ngayon ay lapastangan sa magulang na kalimitan ay humahantong sa di-pagkakaunawaan at magkaminsa'y nauuwi pa sa pagpaslang sa sariling magulang, si Rizal naman ay labis na nagmahal sa kanyang mga magulang. Sa kanyang tulang pinamagatang "Ang Ikaapat na Utos" ay kanyang sinabi: "Mga magulang mo ay pagpitaganan at pakaibigin, Pagkat ang buhay mo at ang kapalara'y sa kanila galing,"**

**Kung mayroon tayong mga kababayang walang pakundangan sa pagwasak ng ekolohiya at likas na yaman ng ating bansa tulad ng walang habas na pagputol ng mga punong-kahoy, pagtapon ng mga basura at nakalalasong kemikalsa ating mga ilog at karagatan, ilegal na pagmimina, dt iba pa na humahantong sa pagkawala ng maraming buhay, si Rizal naman noong panahon niya sa Dapitan ay labis na nagpahalaga sa kanyang kapaligiran. Tinuruan din niya ang mga mamamayan ng Dapitan na magpaunlad at mangalaga ng mga likas na yaman sa kanilang kapaligiran.**

**Kung ang karamihan sa atin sa ngayon ay walang takot, walang pagpapahalaga at walang pagmamahal sa Diyos na siyang sanhing napakaraming krimen sa ating bansa, si Rizal naman ay labis na nagpakita ng paniniwala at pagmamahal sa Poong Maykapal. Sa isang liham na ipinadala niya sa kanyang pamilya noong siya'y nasa Dapitan ay kanyang sinabi: "Kahit saan ako naroroon, ako'y nasa mga kamay ng Diyos".**

**Kung may ilan namang opisyal ng gobyerno sa ngayon na walang iniisip kundi ang pansariling interes, si Rizal narnan sa kanyang sanaysay na "Pilipinas sa Loob ng Sandaang Taon", ay nagsabi na kung gusto natin ng pagbabago, dapat lamang na magmula ang pagbabago sa pamahalaan.**

**Mga minamahal kong kababayan, huwag nating isantabi ang mga alaala ng ating bayaning si Gat Jose Rizal. Gawin natin itong sandigan sa ating mga puso't isipan sa salita man o sa gawa. Kung nais nating magkaroon ng kapayapaan at kasaganaan ang ating lnang Bayan, at kilalanin ito sa alin mang panig ng daigdig, sama-sama nating tahakin ang TUWID NA LANDAS.**

**Ah, panahon na... panahon na upang sawatain tayo ni Gat Jose Rizal sa ating mga maling gawain. Panahon na upang siya'y sumigaw ng "Tama naaa! Tama naaa! Huwag ninyong wasakin ang aking magandang simulain !"**

Binigkas na pyesa ni Samantha Joelle K. Tanzo

Chung Hua High School, FIRST PLACE in Inter-High School Oratorical Contest in Filipino (December 12, 2012)

TAGAPAGSANAY: Bb. Candy Mae D. Sarmiento

PUNONG-GURO: G. Ernesto de Luna

# Boli-boli...

*(Mula sa pahina 7)*

ng kampanya ng pamahalaang panlalawigan sa layuning lubos na mabantayan at mapangalagaan ang mga yamang dagat sa pamamagitan ng *Provincial Anti-Crime Task Force* sa pangunguna ni Gobernador Edgardo Tallado. ***(RBM/PIA5-Camarines Norte).***




# Huling caravan...

*(Mula sa pahina 1)*

Hindi inalintana ni Gob. Tallado at Bise Gobernador Jonah Pimentel kasama ang ilang doktor, narses at mga kawani ng pamahalaang panlalawigan ang nakakapagod na mahabang biyahe patungo sa Dumagmang. Hindi rin sila nagdalawang-isip na tumuloy bagama't umulan at nakita nila ang peligro na lumubog ang kanilang bangka dahil sa mataas at malakas na agos ng tubig ng Busig-On *River* na kanilang tinawid makarating lamang sa Dumagmang. Muntik na silang hindi makauwi at sa kanilang pagdating dito ay basa ang mga damit at nanlalamig na ang bawat isa nilang kasama.

Ang multi-services caravan sa Dumagmang ang pinakahuli sa taong 2012 kung saan ang pinakatampok na aktibidad dito ay ang *"switch –on"* bilang hudyat ng pagpapailaw sa nasabing barangay sa Sitio Palali. Ginawa ito ni Gob. Tallado sa pagnanais na sa kapaskuhan ay magliwanag dito at maranasan nila ang serbisyo ng pamahalaan.

Nagpasalamat ang mga mamamayan doon kay Gob. Tallado sa pagtungo doon ng *Multi Services Caravan* kung saan sila ay nagpakonsulta sa doktor, nabigyan ng libreng gamot at bitamina, nabunutan ng ngipin, nakapagpagupit ng buhok, nabigyan ng salamin sa mata ang mga matatanda at tsinelas para sa mga bata, at marami pang ibang serbisyo.

Ayon sa mga residente roon, si Gob. Tallado lamang daw ang tanging gobernador na dumalaw sa kanilang barangay bagama't hindi naman eleksyon ay personal na naghatid ng serbisyo-publiko lalo na ang elektripikasyon na matagal na nilang inaasam. Dito umano nila naramdaman na sila ay mahalaga sa pamahalaan, at binibigyangpansin at tinutugunan ang kanilang mga pangangailangan. Hangad nila na huwag magsawa si Gob. Tallado sa patuloy na paghahatid ng masipag na paglilingkod.

Dahil naman sa nakitang pagsasakripisyo ng mga kawani, naghandog si Gob. Tallado ng espesyal na *Christmas Party* nitong nakaraang araw bilang pagpapakita ng kanyang lubos na pasasalamat sa mga nagsakripisyo sa pagtungo sa Dumagmang. Hinandugan niya ang mga ito ng pagkain at aginaldo at nagkaroon pa ng *raffle draw*. Si Gob. Tallado pa mismo ang nag-*emcee* sa naturangprograma. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/ JAC***

# 2012 BOYS & GIRLS WEEK PROVINCIAL OFFICIALS

***Provincial Level:***

Boy Governor - Raymond A. Canaba (San Felipe NHS)

Girl Vice Governor - Samantha Joelle K. Tanzo (Chung Hua HS)

Girl Congressman (1st District)- XyzAh Lysaa Jalgalado Montuya (Mabini College)

Boy Congressman (2nd District) - Kevin C. Jalata (Gonzales-Ascutia HSl)

***Board Members:***

Mycaela A. De Alva (CNSC Abaño), Kathlen B. Racho (CNSC Abaño), Neil E. Villafuerte (CNC Labo), David Carl N. Calilao (JPNHS), Adrian P. Zara (Fabrica HS), Gervin G. Arquizal (Zion Christian Academy Foundation), Joman Carlo U. Agapito (Vicente L. Basit Memorial HS), Ricka Marie D. Encinas (Cam. Norte College), Sherrie Mae V. Bautista (Chung Hua HS), Ilonah Maye B. Balane (Alawihao NHS), Gladys N. Carandang (OLLCF), Albert Q. Jimenez (San Francisco Nat'l HS), Jayson C. Alarde (Matango Nat'l HS)

***Boys & Girls Municipal Officials of DAET***

Desiree Maegan Ong – Girl Mayor

Janine Gabo- Girl Vice Mayor:

***Councilors:***

Mikael Pascua, Ryan Jalimao, Yuki Juliius Caesar Hisada

Jazel Mae Samonte, Nechel Alaba, Lyka Delfino, Micah Bernal

John Rick Malay, Marichris Banal and Jerick Consignado

# Light a ...

*(Mula sa pahina 8)*

laan ng *Provincial Tourism Operations Division (PTOD)* na pinamumunuan ni *Atty.* Debbee Francisco. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Linggo...

*(Mula sa pahina 4)*

wang ng Linggo ng Kabataan.

Kasabay ng *closing program and awarding ceremonies* ay isinagawa rin ang *Christmas party and fellowship with the Kiwanians*.

Ang *Boys and Girls Week 2012* ay pinamahalaan nina Kiwanian Elmer M. Bacuno, *Project Chairman* at Kwn. Efren Auro, *poject co-chairman* sa ilalim ng patnubay ni Kwn. President Angel C. David, pangulo ng Kiwanis Club Daet. *jing@calimlim/ lorenadelatorre-ibasco*

# Rizal, ...

*(Mula sa pahina 8)*

nanguna sa *oratorical contest* na isinagawa noong Disyembre 12 kaugnay ng pagdiriwang.

Samantala, pumangalawa si Gean Carmelle M. Dasco ng *Moreno Integrated School (MIS)* at pangatlo si Ralf Lorenz S. Veleña ng *Camarines Norte National High School (CNNHS)*.

Nagbigay naman ng *exhibition number* sa nabanggit na programa noong Disyembre 30, ang mga nagwagi sa *DBC/DLC Competition* na isinagawa noong Disyembre 10 para sa *elementary category* at noong Disyembre 11 para naman sa *high school category*.

Kasunod ng mga ito ay iginawad na rin ang mga premyo sa mga nanalo sa *Inter-High School Oratorical Contest in Filipino* at *DBC/DLC Competition*. Sa *DBC/ DLC Competition (elementary school category)*, nakuha ng *Daet Elem. School (DES)* ang unang puwesto; pumangalawa ang *Gregorio Pimentel Elem. School (GPES)*, at ikatlong puwesto ang nakuha ng *Calasgasan Elem. School*. Naiuwi ng *CNNHS* ang kampeonato sa *DBC/*

**(Sundan sa pahina 5)**




# Linggo ng Kabataan

## Rizalismo: Sandigan ng Pagtahak sa Tuwid na Landas

**Sinabi ni Rizal sa isa sa kanyang mga tula:**

**"Kung dahil sa bayan, kay tamis mamatay**
**Doon sa kasuyon ang abot ng araw**
**Kamatayan pati ng simoy sa parang**
**Sa walang pag-ibig, sa ina, sa bayan".**

**Pinagpipitaganan kong lupon ng inampalan:**

**Mula sa pagkabata ay nakintal na ang tulang iyan ni Gat Jose Rizal sa aking murang isipan. Ang tulang pumupukaw sa natutulog na damdamin ng sambayanang Pilipino upang pangalagaan, pahalagahan, at mahalin ang ating Inang Bayan.**

**Subalit, kung gaano kasidhi ang mithiin ni Rizal na maipadama sa kanyang bayan ang walang kapantay niyang pagmamahal dito, ay siya namang kabaliktaran ang ginagawa ng napakarami nating kababayan. Halos araw-araw ay naglalaman ang ating mga pahayagan ng mga balitang nagsasaad ng kaguluhan, patayan, korapsyon sa pamahalaan, pandaraya ng mga pulitiko, pagyurak sa dangal ng mga kababaihan, pagwasak ng kalikasan para sa interes ng ilan, at marami pang iba. Kapag nagpatuloy ang maling gawaing ito ng ating mga kababayan, ang TUWID NA LANDAS na minimithi ng pangulong Noynoy Aquino, na nasisiguro kong siya ring minimithi ni Gat Jose Rizal para sa bayan, ay hindi Kailanman matutupad.**

**Mga kaibigan, bakit hindi natin ikintal sa ating puso't isipan ang mga ginawa, pangaral at hangarin ni Rizal upang sila'y magsilbing sandigan sa lahat ng ating mga kilos at gawa tungo sa isang TUWID NA LANDAS?**

**Kung ating matatandaan, minahal niya ang kanyang bayan nang higit pa sa kanyang buhay. Wala siyang hinangad kundi ang mapaunlad ang bansang Pilipinas. Sa katunayan, sa liham na kanyang ipinadala kay Gobernador Heneral Eulogio Despujol noong taong 1892 ay sinabi niya ang ganito: "Ang pinakahangarin ko sa aking buhay ay ang moral at materyal na pag-unlad ng aking bayan."**

**Sa pamamagitan naman ni Crisostomo Ibarra, ang isa sa kanyang mga pangunahing tauhan sa Noli Me Tangere, ay kanyang sinabi: "Bago ang lahat ay ang bayan muna; ang Pilipinas muna."**

**A, napakadakila ng kanyang pagmamahal sa bayan. Walang kasing wagas at walang kasindalisay! Kung atin lamang sanang maiuukit sa ating mga puso't isipan ang kanyang walang katapusang**

*(Sundan sa pahina 3)*




Nakiisa ang Camarines Norte sa pambansang selebrasyon ng Linggo ng Kabataan *(Boys and Girls Week)* sa pamamagitan ng pagsasagawa ng 1-linggong gawain na itinakda simula Disyembre 8-12, 2012 alinsunod sa *Executive Order No. 2012-22* na ipinalabas ni Gob. Edgardo A. Tallado.

Ngayong 2012 ay ika - 30 taon na rin itong pagpapatupad ng nasabing proyekto na sinimulan ng pamahalaang panlalawigan katuwang ang *Kiwanis Club of Daet* at ang *Department of Education (DepEd)* na dati ay *Department of Education Culture and Sports (DECS)*, hindi pa man naisasabatas ang *Local Government Code of 1991* na nagtakda ng taunang pagdiriwang ng Linggo ng Kabataan.

Simula 1991, nakatulong na rin ang Sangguniang Kabataan *Provincial Federation* sa proyektong ito.

Tulad ng nakaraang mga taon, ang *Boys and Girls Week* ay tinampukan ng botohan ng mga kalahok na kabataan. Ito ay sa bahagi ng idinaos na *Seminar/Workshop on Parliamentary Rules and Procedures at Leadership in Action with Special Emphasis on the New Local Government Code Group dynamics.*

Ang mga nahalal *(elected)* at naitalagang *(appointed) boy and girl officials* ay isang linggong nag-opisina sa pamahalaang panlalawigan at pamahalaang bayan ng Daet kung saan nagkaroon sila ng karanasan at naging malawak ang kaalaman ukol sa serbisyo publiko. Pinakatampok sa kanilang gawain ay ang *joint session* kasama ang *Sangguniang Panlalawigan*, at maging sa Sangguniang Bayan of Daet.

Maglalathala rin sila ng *BANTAYOG JR.* o *"miniature"* ng dyaryong ito kung saan nakapaloob ang detalye ng pagdiri-

*(Sundan sa pahina 3)*

## Paskong maliwanag...



*(Mula sa pahina 1)*

malaking pagbabago ng buhay sa Dumagmang bunga ng idudulot na benepisyo ng kuryente. Matatahimik na ang lugar na sa matagal na panahon ay nabuhay sa ingay ng *generator set* na pinagkukunan ng kuryente. Dito ay gumugugol sila ng malaking badyet para sa gasolina at hindi pa ito nakabubuti sa kalusugan at kapaligiran.

Mayroon din ditong proyekto ang pamahalaang panlalawigan para sa pagpapakonkreto ng kalsada ana 80% na ang natatapos at napondohan sa ilalim ng *OPAPP- PAMANA fund*.

Ang Dumagmang na isang bundok na barangay ay konektado sa bayan ng Labo sa pamamagitan ng 14 -kilometro lupang kalsada at may layong 35 km. sa kabayanan ng Labo at 50 km. distansya mula sa Daet, ang sentro ng Camarines Norte. May populasyon itong 1,600 na karamihan ay nagmimina sa naturan ding lugar. ***jing@calimlim***

*Tagumpay ng Katuwiran,*
*Tagumpay ng Mamamayan*
*Bayan lang ang Pinaglilingkuran*
**Bantayog**
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng
*Camarines Norte*

***EDITORIAL BOARD:***

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator IV*
- Rikki Vito, *Station Manager Radyo ng Bayan*

***EXECUTIVE EDITOR:***
JING ARRIOLA CALIMLIM
***NEWS EDITOR:***
Lorena T. Ibasco,
***LAYOUT:***
Engr. Wilson V. Porcincula
***PHOTOGRAPHER*** :
Luigi Martin P. Querubin.
***CIRCULATION*** :
Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:***

**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD-**Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T. Zantua;
**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO**-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO**-Marino Abogado
**PLO**-Donna A. Guevarra
**PPDO**-Marilyn P. Asis;
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP**-Josephine Q. Badong;




Ang iba't-ibang larawan sa Provincial Capitol Team Building Activity na iisinagawang sa Camarines Norte Agro Sports Center na hitik sa pa premyo at saya. Kumpleto ang mga halal na opisyal ng pamahalaang panlalawigan sa pangunguna ni Gob. Edgardo A. Tallado.

# Hitik...

(Mula sa pahina 6)

pagtutulungan ng mga komitibang itinalaga para mangasiwa sa naturang aktibidad.

Sa mga susmunod na araw, matapos ang team bilding activity ng kapitolyo ay tinungo naman ni Gob. Tallado at ng kanyang unang ginang Josie B. Tallado ang mga barangay lalo na yaong mga higit na nangangailangan upang sila ay pagkalooban ng ilang pamaskong handog. *jing a.calimlim.*







Si. Gob. Tallado at Rev. Fr. Luis R. Ibasco Jr. sa *ribbon cutting* habang nakamasid si *Most Rev.* Gilbert A. Garcera, D.D. Bishop ng Daet (nasa gitna nila) at iba pa. Sa kaliwang ibabang larawan ay ang *marker* ng *covered court.*

# Covered Court ...

(Mula sa pahina 8)

laso ay pinangunahan naman nina *Rev. Fr.* Luis R. Ibasco, Jr., *rector* ng seminaryo at Gobernador Edgardo A. Tallado na isa sa nagtaguyod ng proyekto.

Ang *covered court* ay mahalagang pasilidad sa *Holy Trinity College Seminary* hindi lamang para sa pagbabasketbol ng mga seminaristang mag-aaral dito kundi para sa mga gawain ng seminaryo at ng Diyosesis ng Daet na nangangailangan ng malawak na lugar.

# Rizal...

(Mula sa pahina 3)

*DLC Competition (secondary school category)*; pumangalawa ang *San Felipe National High School* at pangatlo ang *Vinzons Pilot High School.*

Matapos ang mga pagtatanghal ay isang banal na misa ang idinaos at pinangunahan ni Fr. Agusto "Totie" Angeles. Nakatuon ang kanyang sermon ukol sa kakaibang integridad ni Jose Rizal na sana raw ay tularan nating lahat.

Nagtapos ang okasyon sa unang bantayog ni Rizal kung saan nag-alay ng bulaklak ang ibat'-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan at ilang dumalo sa okasyon.

Pinangasiwaan ng Sangay ng Museo, Sinupoan at Panulukan ang lahat ng mga gawain sa ilalim ng pamumuno ni G. Abel C. Icatlo, *Museum Curator I.* ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/AIDA PANDEAGUA***

**Sa larawan sa ibaba:**

1. ang mag-asawang Gob. at Gng. Tallado habang namamahagi ng kanilang pamaskong handog
2. Ang mga lumahok sa *DBC competition* na bahagi ng pagdiriwang ng *Rizal day*








# CNPGCEAP, todomax ang Team Building Activity




Ang *CNPGCEAP Team Building Activity* ng mga iskolar ng *Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance Program (CNPGCEAP)* noong, Disyembre 22, simula ika-5 n.h. hanggang ika -11 ng gabi sa *Camarines Norte Agro-Sports Center (CNASC)* ay nalubos ng katuwaan.

Sa hangaring maging masaya ang pasko ng mga iskolar dahil bukod sa programa at pagkaing inihanda ay pinaigting ni Gob. Edgardo A. Tallado ang kasiyahan ng mga iskolar sa pagbibigay ng *"t-shirt"* na may mensaheng *"I am a CN-PGCEAP Scholar"* pati ang kaunting pamaskong halaga sa lahat ng dumalo. Masaya rin niyang ibinalita sa mga iskolar ang tungkol sa pondong kinakalap niya upang magkaroon pa ng karagdagang iskolar ang lalawigan. Inilahad din niya ang mga nagawa na niya at ang mga proyektong patuloy na isinasagawa niya para lubos na maisulong ang kaunlaran ng Camarines Norte.

Si Bise Gob. Jonah G. Pimentel ay masayang nakisalamuha sa mga iskolar at hindi lamang siya nagbigay ng premyo sa mga *parlor games* kundi siya pa ang nagsagawa ng ilang palaro na tunay na nagpasaya sa lahat.

Ang naturang aktibidad ay tinampukan din ng isang *Mini Talk* na *Let's Rethink Christmas* na tinalakay ni Jing Arriola-Calimlim, *Community Affairs Officer IV* at *CNPGCEAP Program Officer* upang muling ipaalala sa bawat isa ang tunay na diwa ng pasko.

Kumpara sa kaunaunahang *CNPGCEAP Christmas Party* noong 2011, mas marami ang dumalo ngayong taon at mas todo ang kanilang saya at umuwi sila na baon ang magandang ala-ala ng kapaskuhang 2012. **jing@calimlim/ lorena dela torre ibasco**

# Hitik sa Premyo
## PGCN Team Building Activity

Punong-puno ng *"excitement"* ang naging pa-*raffle* para sa *grand prize* na *LED Flat TV* na nagkakahalaga ng P39,000.00 at ang 5 *wide-screen flat televisions* para sa mga mananalo ng *2nd prize.* Ito ang mga tampok na papremyo sa isinagawang *PGCN Team Building Activity* ng pamahalaang panlalawigan noong Disyembre 21, 2012 sa *Camarines Norte Agro-Sports Center.*

Ang iba pang pangunahing papremyo sa naturang *raffle draw* ay ang: 28 *pcs. double burner;* 1 *refrigerator*, 10 *micro wave ovens*, 20 *electric fans*, 10 *food steamers*, 58 *rice cookers*, 45 *flat irons* at 17 *pcs. blenders.*

Nakakaaliw din ang mga *intermission numbers* na ipinalabas ng bawat tanggapan tulad ng *Provincial Health Office* na sumayaw sa tugtuging *"gangnam style"* kasama si Dr. Arnulfo Salagoste na sinorpresa ang marami dahil sa mahusay niyang pagsayaw.

Sa kasiyahan ni Gob. Edgardo A. Tallado, bagama't hindi naman paligsahan ang mga pagtatanghal ay nagsikap pa rin ang mga kawani na maging maganda ang kanilang mga palabas,. Dahil ditto, binigyan niya ang mga nagsipagtanghal ng pabuyang halaga mula sa kanyang sariling bulsa

Sa kanyang mensahe ay sinabi ng gobernador ang kanyang mga *major accomplishments* at nagpasalamat siya sa lahat ng kawani dahil sa kanilang kasipagan lalo na ang mga tanggapang tulad ng *Provincial Engineering Office* na sobrang abala dahil sa dami ng proyektong ipinapatupad niya. Labis na ikinatuwa ng mga *job order (J.O)* na manggagawa ng kapitolyo nang ipahayag ni Gob. Tallado na ang mga matatagal ng *J.O.* ay mapapabilang na rin sa mga *Philhealth beneficiaries* sa taong 2013.

Ang pagdiriwang ay sagana sa pagkain, hitik sa premyo, puno ng nakakaaliw na palabas, hataw sa sayawan na dito ay nakipagsayaw sa mga kawani ang mag-asawang Gob. at Gng. Josie Baning-Tallado. Nakisali rin sila sa tumugtog na banda at naghandog ng awitin.

Ang mga regular na kawani ay tumanggap ng *extra cash gift* na ayon sa gobernador ay mas mataas sa ibang probinsiya sa Bikol. Pati mga J.O. ay pinagkalooban din ng katulad na benepisyo.

Naging maayos ang pagdiriwang dahil sa

(Sundan sa pahina 5)

# Food...

(Mula sa pahina 7)

mas murang produktong pagkain.

Samantala, ang mga *BFTs* dito gaya ng Brgy. Canapawan, Labo; Brgy. Pambuhan, Mercedes; Brgy. Calaburnay, Paracale; *SMMB* - Brgy. Banocboc, Vinzons; *Rural Improvement Club (RIC)*-Guinacutan, Vinzons; Sabang *Vinzons Fish Processing Association*; Brgy. Batobalani, Paracale, at *MSSD*-Brgy. Camambugan, Daet ay nabigyan ng *DA RFU 5* ng tig-iisang *chest type freezer WCx8 cu.ft., weighing scale-100 kilos, CASIO calculator-big; plastic sealer, Tasin meat grinder, electric coconut grater with rice grinder, Camel weighing scale, plastic crates* at iba pa. ***LORENA DELA TORRE- IBASCO/Susan R. Cereno***

# Balitang AGRIKULTURA

## Food terminals sa barangay

Umabot na sa 14 na *barangay food terminals (BFTs)* ang naitayo sa 9 na bayan ng lalawigan, tig-iisa sa Basud, Capalonga, Daet, Mercedes at Talisay; Labo -2; Paracale –2; Sta. Elena –2, at Vinzons –3, ayon sa *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* na sumusubaybay sa operasyon ng mga *BFTs* sa lalawigan.

Ang layunin ng BFT (dating *Barangay Bagsakan Center* o *BBC*) ay direktang mailapit ang mga magsasaka at mangingisda sa mga mamimili at kunsumidores para makapag-alok ng abot-kaya, ligtas at de-kalidad na mga produktong karne, gulay, prutas at isda lalo na sa mga kabilang sa *marginalized sector* na ang trabaho ay hindi saklaw at abot ng batas at regulasyon sa paggawa gaya ng mga *self-employed*, drayber ng bus o dyipni, magsasaka, mangingisda, at iba pa. Sa pamamagitan nito, mapapatatag ang *consumer prices* at mas tataas ang kita ng mga magsasaka at mangingisda sapagkat wala ng ahente.

Lubos na sinusuportahan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado ang proyektong ito na ipinatutupad ng *Department of Agriculture Regional Field Unit 5 (DA RFU5)* sa pakikipagtulungan ng mga pamahalaang lokal at pribadong sektor. Ang mga benepisyaryo nito ay ang mga *local government units (LGUs)* partikular ang mga barangay; at kwalipikadong organisasyon na nagsumite ng *Barangay Resolution* na tumutukoy sa kanila bilang *BFT operator*, kabilang sila sa *depressed areas* na tinukoy ng *DSWD*, nasa istratehikong mataong lugar na nararating ng mga *suppliers* at kunsumidores, at may mataas na pangangailangan para sa

*(Sundan sa pahina 6)*




## 'Super foods' pararamihin

Nakarating sa lalawigan ang may 6 na magkakaibang uri ng mga pantanim na kamote na tinaguring ***"super food"*** na kinabibilangan ng malalaking uri ng kamote gaya ng ***PSB SP 17, 25, NSIC SP 32, 30, 31*** at ***Tarlac variety*** dahil sa masugid na pakikipag-ugnayan ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* sa *Albay Provincial Agricultural Services* at sa *Philippine Rootcrops Center* na matatagpuan sa *Visayas Sate University (VSU)*, Baybay, Leyte.

Bahagi ito ng pagsusulong ni Gob. Edgardo A. Tallado ng *Provincial Staple Food Sufficiency Plan* ng Camarines Norte.

Kaugnay nito, ang mga magsasaka kasama ang mga *agricultural technicians* mula sa 12 bayan ng lalawigan ay sumailalim sa *Training Course on Rootcrops Production, Post -Harvest and Processing Technology* na isinagawa ng *OPAg* katuwang ang *Agricultural Training Institute (ATI)*.

Kasunod nito, sila ay binigyan ng naturang mga pantanim na kamote para mapalaganap ang produksyon ng naturang 6 na bagong uri ng kamote na napakalalaki ng bunga na may bigat na humigit-kumulang isang kilo ang bawat piraso.

Hinikayat din ang mga magsasaka na sundin ang proseso sa paghahanda ng lupang taniman, tamang hakbang sa pagtatanim, pangangalaga at pag-ani sa 6 na bagong uri ng kamote para magkaroon ng masaganang ani at malaking kita. Ito ay makatutulong para magkaroon tayo ng seguridad sa pagkain *(food security)* gayundin sa programang pang-nutrisyon sapagkat ang kamote ay tinaguriang *super foods* ng mga eksperto dahil ito ay nagtataglay ng mineral, iron, magnesium at mga bitaminang B6, C at D.

Sa pamamagitan ng *OPAg*, patuloy na pinaparami ang 6 na uri ng kamote sa *Provincial Farm* sa Calasgasan, Daet para ipamahagi sa mga interesadong magtanim.

Sa kasalukuyan umabot na sa 6,000 pantanim na *camote cuttings* ang naipamahagi sa mga magsasaka at sambahayan *(households)* sa iba't-ibang bayan ng lalawigan. ***JOSEPH IBASCO/LORENA DELA TORRE- IBASCO***

## Boli-boli tiklo!

Anim na katao ang naitalang nahuli mula Hulyo hanggang Oktubre ngayong taon dahil sa iligal na pangingisda sa ilang bayan dito sa Camarines Norte.

Ayon kay Edgar A. Estanislao ng *Office of the Provincial Agriculturist* ng pamahalaang panlalawigan, kabilang sa mga uri ng gamit nila sa pangingisda ay ang anim na boli-boli *(trawler)* at 2 *compressors*.

Ang mga may-ari ng naturang *fishing boats* ay sina Grace Peñarondo ng Calero, Jose Panganiban; dalawang pag-aari ni Ruel Miravilla ng Sta. Elena; Anne de Lemios at Pedro Rivero kapwa ng Paracale; Nestor Vergara at dalawang pag-aari ni Serapio Villapando kapwa ng Mercedes.

Sila ay lumabag sa Panlalawigang Ordinansa Bilang 50-10 kaugnay ng iligal na pangingisda at paggamit ng *compressor*. Ang naturang malalaking bangka ay hindi dapat gamitin sa panghuhuli ng isda sa loob ng 15 kilometro distansya galing sa pangpang na sakop ng mga bayan at tanging ang mga bangka lamang na may bigat na hindi hihigit sa tatlong tonelada ang maaring gamitin.

Ang lima ay pinagmulta ng P5,000 hanggang P50,000 at si Villapando ay sinampahan naman ng reklamo sa *Provincial Prosecutors Office*.

Ito ay bahagi pa rin

*(Sundan sa pahina 3)*

## Goat Dispersal patuloy



Kasama ni Gob. Edgardo A. Tallado sa larawan ang ilan sa 67 na mga bagong benepisyaryo na nabigyan ng alagaing kambing na patuloy na ipinamamahagi ng pamahalaang panlalawigan sa ilalim ng *Livestock Dispersal Program* bilang tulong pangkabuhayan sa mga magsasaka na katuwang sa pag-angat ng ekomiya ng lalawigan ng Camarines Norte

Namahagi uli ng kambing noong Disyembre 5 si Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado para sa panibagong 67 benepisyaryo sa ilalim ng *livelistock dispersal project* ng pamahalaang panlalawigan na ipinatutupad ng *Provincial Veterinary Office (PROVET)*.

Matatandaan na noon lamang Nobyembre 6 ay 30 ulo ng kambing ang naipamahagi at 80 kambing ang naipamigay noong Oktubre 29. Ito ay may kabuuang bilang na 177 kambing na naipamahagi sa *last quarter* ng 2012.

Kaugnay ng programa, isinagawa ang *Orientation-Briefing/ Training-Seminar on Large Cattle (Carabao and Cow)* sa nasabing petsa, Disyembre 6 sa *Little Theater, Provincial Capitol*, Daet. ***LORENA DELA TORRE- IBASCO***

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 3, BLG. 8 DAET, CAMARINES NORTE DISYEMBRE, 2012
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# Light A Tree sa parke very merry

Maliwanag ang Pasko Dahil Sama-Sama Tayo" ang tema ng *3rd Light a Tree Project* na ginanap noong Disyembre 10, ika-7 ng gabi sa pamamagitan ng pag "*switch on* " ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado para sa sabay-sabay na pag-ilaw ng mga punungkahoy sa *Freedom Park* at *St. John the Baptist Parish Grounds* na napapalamutian ng mga pamaskong ilaw at dekorasyon.

Kasali sa naturang aktibidad ang 36 na pribado at pampamahalaang tanggapan/grupo at sa unang araw pa lamang ay nagpatalbugan na sa paglalagay ng mga kakaiba, kahanga-hanga at makukulay na palamuting pamasko sapagkat sa gabing yaon ay bibigyang puntos na sila ng mga hurado. Ang sunod na pagsusuri at pagbibigay puntos sa kanilang mga palamuti at ilaw ay gagawin bago matapos ang kapaskuhan at pagsasamahin na ang mga nakuha nilang puntos upang ideklara ang mananalo. Naglaan ang pamahalaang panlalawigan ang premyong P100,000.00; P60,000.00, at P40,000.00 para sa una, ikalawa, at ikatlong puwesto.

Ang pamantayan sa pagpili ng mga mananalo sa kumpetisyon na nasa ikatlong taon na ngayon ay ang: kaangkupan ng dekorasyon sa tema ng proyekto, angkop na pailaw, pagiging orihinal ng disenyo at konsepto at pangkalahatang dating o pang-akit *(over-all impact).*

Ang taunang patimpalak na isang panturismong programa ni Gob. Tallado ay pinamamaha-

*(Sundan sa pahina 3)*




# Covered Court pinasinayahan

Sa pangunguna ni Bishop Gilbert Garcera, pinasinayahan ang isang malawak at magandang *covered court* ng *Holy Trinity College Seminary* sa Labo, Camarines Norte noong ika 3 ng Disyembre 2012 kaalinsabay sa isinagawang *Annual Gathering of Bicol Association of Philosophy Seminaries.*

Ang paggupit ng

*(Sundan sa pahina 5)*



# Rizal, unang BANTAYOG ginunita!

Ang ika-116 taong anibersaryo ng pagka-martir ni Gat Dr. Jose P. Rizal at ang ika-114 taong anibersaryo ng pagkatatag ng kauna-unahang 'Bantayog' ni Rizal sa buong mundo na naitayo rito sa bayan ng Daet ay magkasabay na ginunita ng Lalawigan ng Camarines Norte noong Disyembre 30, 2012.

Si Bise Gobernador Jonah Pimentel ang nanguna sa *Flag Raising Ceremony* na idinaos sa *Provincial Capitol Grounds* sa ganap na ika-8:30 n.u.. Siya rin ang naghatid ng mensahe para sa selebrasyon na may temang "Rizalismo: Sandigan ng Pagtahak sa Tuwid na Landas".

Naging tampok sa pagdiriwang ang pagbigkas ni Samantha Joelle K. Tanzo ng *Chung Hua High School* ng kanyang piyesa na

*(Sundan sa pahina 3)*